

# GREATER THINGS

## BAHAGI 1: ANG DIYOS AY NAPAKALAKI

### PANIMULA

Naniniwala tayong ang taong ito ay hihigit pa sa mga nakaraang taon. Ito'y hindi nangangahulugan ng mga bagay na bago subalit ito ay tumutukoy sa pagtuklas sa mga bagay na narito na sa higit na paraan. Tungkol ito sa pagtuklas ng mga bagay na nasa atin na at pagpapahayag ng mga ito sa mas matinding paraan. Tungkol din ito sa pagtuklas sa mga talentong nasa atin na at sa pagtatapos ng mga proyektong matagal na nating gustong gawin.

Ang paggawa ng mga bagay na mas higit pa ay nagsisimula sa Diyos. Siya lamang ang may kakayahang gawing posible ang lahat ng bagay. Siya lamang ang makapaggagabay at mangunguna sa atin patungo sa mas higit pang mga bagay. Gagawin Niya ito dahil Siya ang may kakayahang gawin ang mga ito. Siya ang ating Diyos at napakalaki ang ating Diyos.

### MGA TANONG PARA SA TALAKAYAN

#### PUKAWIN

1. Sa palagay mo, gaano kalaki ang Diyos? Paano naging ganito ang iyong pananaw?
2. Aling bahagi sa mga nilikha ng Diyos ang nakakagulat sa iyo? Magbahagi ng isang karanasan kung saan lubos kang namangha sa nilikha ng Diyos.
3. Ano ang sinasabi sa iyo ng mga kalikasang nilikha tungkol sa ating Panginoong Lumikha?

#### MAKIAYON

4. Basahin ang Awit 33:6. Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa Diyos?
5. Basahin ang Awit 8:3-4. Sa palagay mo, bakit ganoon na lang ang pagpapahalaga sa atin ng Diyos?
6. Sa palagay mo, kaya ba ng Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang iyong mga pangarap/hangarin para sa taong ito? Bakit? Bakit hindi?

#### GAWIN

7. Ibahagi sa grupo ang dalawa sa iyong mga panagarap/hangarin para sa taong ito. Bakit gusto mong makamtan ang mga ito?

### PAGSULONG

Ang Diyos na lumikha sa lahat ng kamangha-manghang nilikha sa sanlibutan ay Siya ring Diyos na gustong gumawa pa ng mas higit pa para sa iyo. Pinapahalagahan ka Niya at naniniwala Siya sa iyo. At mamamangha pa ang buong sanlibutan sa mga gagawin Niya sa pamamagitan mo.

### PAGPAPANIBAGONG ISIP

*Ang likha mong langit, kung aking pagmasdan, pati mga tala, bituin at buwan, Ano nga ang tao upang iyong alalahanin? Ano nga siya na sukat mong kalingain? **Awit 8:3-4***